
BAITANG 11 | KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO

YUNIT 7

Kasaysayan ng Wikang Pambansa: Panahon ng Pananakop




Makapangyarihan ang mga institusyong pampamahalaan sa pamamalakad ng mga gawain ng mga mamamayan ng bansa. Ang pamahalaan din ang nagtatakda ng wikang gagamitin ng mga taong kaniyang pinamamahalaan. Ang kasaysayan ay naging saksi sa kapangyarihan at impluwensiya ng mga mananakop sa kultura at pamumuhay ng mga tao sa Pilipinas. Maging ang wika ay hindi nakaligtas sa impluwensiyang dulot ng mga mananakop. Sila ang nagtakda ng wikang gagamitin ng mga mamamayan at nagdikta sa naging papel nito sa lipunang Pilipino. Gayunpaman, ang mga pangyayari sa kasaysayan ay masasabing nakatulong naman sa paghubog at pag-unlad ng mga patakarang pangwika sa Pilipinas.

Aralin 1

Wika sa Pilipinas noong Panahon ng mga Espanyol

Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nailalarawan ang sitwasyong pangwika sa Pilipinas noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol.



Ang wika ang isa sa pinakamahahalagang instrumento sa pagkakaisa at pag-unlad ng isang bansa. Wika rin ang kinikilalang kaluluwa nito, sapagkat ito ang pagkakakilanlan at nagbibigkis sa kaniyang mga mamamayan. Ngunit paano bibigkisin ng wika ang mga mamamayan kung ang bibig ng bawat mamamayan ay binubusalan?

Mahigit 300 taong namalagi at pinamunuan ng mga Espanyol ang Pilipinas. Sa loob ng panahong ito ay wikang Espanyol din ang gamit sa pamahalaan at edukasyon.
Ang kanilang wika ang isa sa mga puwersang ginamit nila upang maipadama ang kanilang lakas at kapangyarihan noong panahon ng kolonyalismo.

Pag-aralan Natin

Sa buong panahong pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas ay kontrolado nila ang iba't ibang aspekto ng lipunan sa bansa—pamahalaan, ekonomiya, edukasyon, at relihiyon.



Ang relihiyon ang pinakamalaking impluwensiya ng mga Espanyol sa mga Pilipino.

Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- katutubo – taal na mamamayan ng isang lugar
- *literacy* - kaalamang bumasa at sumulat; kamuwangan
- sagrado - banal; kagalang-galang
- kaisipang liberalismo – malayang kaisipan
- konsepto – ideya; kaisipan
- iginiit – ipinilit
- nagbunsod – nag-udyok; naging dahilan

"Indio" ang tawag ng mga Espanyol sa mga katutubong naninirahan sa Pilipinas. Katumbas ito ng salitang "mangmang" o "walang alam." Ang tawag na "Pilipino" ay inilaan para lamang sa mga Espanyol na ipinanganak sa Pilipinas. Tinawag din sila na mga *"insulares"* o *"creoles."* Diumano, ito ang pangunahing dahilan ng mga dayuhan kung bakit kailangan nilang manatili at turuang gawing "sibilisado" ang mga katutubo. Gayunpaman, kung susuriin ang mga pangyayaring may kaugnayan sa wika sa panahong iyon, makikitang ang kamangmangang sinasabi ng mga dayuhan ay hindi tumutukoy sa "kawalang kaalaman" ng mga Pilipino, kung hindi "nilikha" lamang ito ng mga mananakop. Katunayan, may sarili nang sistema ng pagbasa at pagsulat ang mga Pilipino bago pa man dumating ang mga Espanyol.

Kalagayan ng Wika sa Pilipinas bago ang Panahon ng Kolonyalismo

Bago dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay may iba't ibang **katutubo**ng wika na umiiral sa Pilipinas. Ilan sa mga ito ay ang **Ilokano**, **Tagalog**, **Bikol**, **Cebuano**, at **Tausug**. Nagkakahawig ang mga katutubong wika dahil nagmula ito sa iisang pamilya, ang Malayo Polynesian. Ang pamilya ng wikang ito ay mula naman sa wikang Austronesian. Mayroon di sarili na ring sistema ng pagbasa at pagsulat ang mga Pilipino. Dahil dito, mataas ang antas ng *literacy* sa buong kapuluan. Baybayin ang tawag sa alpabetong umiiral sa panahong iyon.



Ang nasa larawan ay ang Laguna Copperplate Inscription, patunay sa kakayahan ng mga katutubo na makapagsulat at makapagbasa.

Mga Programang Pangwika ng mga Espanyol

Maraming ipinatupad na pagbabago sa wika nang dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas. Ipinakilala nila ang alpabetong Espanyol o *"abecedario"* na hango sa alpabetong Romano. Ito ay binubuo ng 29 na letra at hango sa Romanong paraan ng pagbigkas at pagsulat. Ipinag-utos din ng hari ng Espanya na pag-aralan ng mga Espanyol ang mga katutubong wika at ituro sa mga katutubo ang wikang Espanyol.



Hindi isinakatuparan ng mga opisyal na Espanyol ang mga programa ukol


sa wika na ipinag-utos ng hari ng Espanya, dahil sa sumusunod:

- Mababa ang tingin ng mga Espanyol sa mga katutubo at naniniwala silang hindi nararapat ang uring ito sa kanilang sagradong wika.
- Nais nilang manatiling walang alam ang mga katutubo tungkol sa mga patakaran ng pamahalaang kolonyal at mga pangyayari sa bansa at sa mundo.
- Ayaw nilang magkaintindihan ang iba't ibang grupo ng katutubo kaya ninais nilang panatilihin ang paggamit ng mga ito ng kani-kanilang katutubong wika.

Implikasyon ng Hindi Pagkatuto ng Wikang Espanyol

Ang hindi pagsunod ng mga opisyal ng pamahalaang kolonyal sa kautusan ng hari na ituro ang wikang Espanyol sa mga katutubo ay may epekto sa pakikipagkomunikasyon ng mga katutubo sa mga Espanyol at maging sa kanilang kapwa katutubo. Ilan dito ang sumusunod:

- Nahirapan ang mga katutubo na iparating sa Espanya ang kanilang totoong kalagayan, lalo na ang pang-aabuso ng mga opisyal ng pamahalaang kolonyal sa Pilipinas.
- Nahirapan ang mga katutubo na makipag-ugnayan sa iba pang katutubo mula sa iba pang lugar ng bansa.
- Nabuo ang pagtingin ng mga katutubo na higit na mababang uri ang anumang katutubong wika kaysa sa wikang Espanyol.



Wikang Espanyol din ang gamit sa edukasyon, ngunit hindi itinuro sa mga mag-aaral ang nasabing wika.

Ang Pag-usbong ng Kaisipang Liberalismo sa Pilipinas

Sa huling bahagi ng ika- 17 na siglo, tuluyang lumakas ang kaisipang liberalismo sa Europa. Sa panahong ito ay mayroon nang mga katutubo na umangat ang estado sa buhay dahil sa pakikilahok sa Kalakalang Galyon. Nagkaroon sila ng kakayahang ipadala ang kanilang mga anak sa Europa para doon mag-aral. Ang mga katutubo at *mestizo* na nakapag-aral sa Europa ay tinawag na mga *"ilustrado."* Dahil sa kanila, nakarating ang **kaisipang liberalismo** sa Pilipinas. Nakarating sa bansa ang **konsepto** ng kalayaan at nagkaroon ng puwang ang usapin tungkol sa kalayaan mula sa mga mananakop. Kasabay ng paghiling ng mga Pilipino ng pantay na karapatan sa iba't ibang pamamaraan, hiniling nilang ituro sa mga Pilipino ang wikang Espanyol. Ang mga *ilustrado* ang nanguna sa paghiling sa Espanya na mabigyan ang mga katutubo sa Pilipinas ng pantay na karapatan sa mga Espanyol na mananakop. Gayundin, hiniling nilang ituro ang wikang Espanyol sa mga katutubo. Nang malaman ng mga opisyal sa Espanya na hindi sinunod ng mga opisyal ng pamahalaang kolonyal ang kautusan ng hari ay muling ipinag-utos ang pagtuturo ng wikang Espanyol sa mga katutubo sa Pilipinas. Makalipas ang humigit-kumulang 250 taon ay tuluyan nang natutuhan at ginamit ng mga katutubo ang wikang Espanyol sa pakikipagkomunikasyon.



Ang mga Ilustrado sa Pag-usbong ng Liberalismo sa Pilipinas

Ang pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas ay hindi nagdulot ng ganap na pagbabago sa mga wika ng Pilipinas. **Iginiit** ng mga Pilipino ang kanilang kultura at karapatang pamahalaan ang sariling bansa. Higit pa rito, ang pang-aabuso ng mga Espanyol sa mga katutubo ay **nagbunsod** sa maraming katutubo na kumilos para makawala sa pagmamalabis ng mga mananakop. Hindi nagtagal ay nagkaroon ng mga pag-aalsa sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ito ang nagpasimula sa Rebolusyong Pilipino.

Aralin 2

Wika sa Pilipinas noong Panahon ng Rebolusyong Pilipino

Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nailalarawan ang kondisyong pangwika sa Pilipinas noong panahon ng rebolusyon.



Pinangunahan ni Andres Bonifacio ang Rebolusyong Pilipino.

Ang mga Pilipino ay likas na mahinahon at mapagpaubaya. Ngunit kung sukdulan nang sinisiil ang karapatan ay matapang na lumalaban, at malaki ang ginampanan dito ng wika. Ang wika ang nag-ugnay sa magigiting na bayani ng bansa para matamo ang pangarap nilang kalayaan ng Pilipinas.

Pag-aralan Natin

Isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas ang pagsisimula ng Rebolusyong Pilipino laban sa mga Espanyol. Isang mahalagang aspekto ng pangyayaring ito ay ang pag-unlad ng wikang ginagamit sa bansa para makipagkomunikasyon. Sa panahong ito ay iginiit ng mga **"Pilipino,"** noon ay tawag na sa mga katutubo ng bansa, na dapat na nilang makamit ang kanilang kalayaan mula sa matagal na pananakop at pang-aabuso ng mga Espanyol.

Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- supremo – pinakamataas na posisyon; tawag kay Andres Bonifacio
- pinasinayaan – inagurasyon, unang pagbubukas
- pumukaw – gumising

Tagalog bilang Wikang Opisyal

Noong panahon ng rebolusyon, isa ang Tagalog sa mga wika ng Pilipinas. Ito ang wikang ginagamit ng mga Pilipino sa Maynila, ang sentrong pang-ekonomiya at pampulitika ng pamahalaang kolonyal. Tagalog ang wika ni Andres Bonifacio, ang kinikilalang ama at naging **supremo** ng Katipunan na pangkat ng mga Pilipinong nanguna sa pakikipaglaban sa mga Espanyol. Tagalog din ang wika ni Emilio Aguinaldo, naging pangulo ng Republika ng Biak-na-Bato at ng unang pamahalaang itinatag ng mga Pilipino bilang isang bansa.



Malaki ang ginampanan ng wika sa pakikipaglaban ng mga rebolusyonaryo para sa kalayaan ng Pilipinas.

Ang Katagalugan at ang Rebolusyon

Tinawag ni Bonifacio na **Katagalugan** ang lugar na nasasakop ng kaniyang pamumuno. Ang mga tao rito ay tinatawag na "**Tagalog**," batay sa kanilang wikang ginagamit. Sa kaniyang mga panulat ay ginamit ni Andres Bonifacio ang "Katagalugan" para tukuyin ang buong kapuluan ng bansa. Dahil wala pang sapat na kaalaman tungkol sa pisikal at heograpikal na katangian ng Pilipinas, inakala at ipinalagay ni Bonifacio na ang lahat ng mamamayan ng bansa ay gumagamit ng wikang Tagalog. Taong 1897 nang binalangkas at **pinasinayaan** ang **Konstitusyon ng Republika ng Biak-na-Bato**, na itinatag ni Emilio Aguinaldo at mga opisyal ng Rebolusyong Pilipino. Nakasaad rito na wikang Tagalog ang opisyal na wika ng bansa at ng pamahalaan. Ang opisyal na wika ay ang wikang ginagamit sa pagsulat at pagbibigay-kahulugan sa mga batas na ipinatutupad ng pamahalaan.

Pag-Usbong ng mga Wikang Komon

Hindi lamang ang mga probinsya ng Luzon ang sangkot sa Rebolusyong Pilipino. Katunayan, malalaki at naging matagumpay rin ang mga pag-aalsa sa rehiyon ng **Ilocos**, **Cebu**, **Bohol**, **Samar** at **Leyte**, at sa **Mindanao**. Hindi Tagalog ang wika sa mga panig na ito, kung kaya may iba pang pangunahing wika sa bansa na sangkot din sa Rebolusyong Pilipino.

Ilan sa mga wikang ito ay Hiligaynon, Pangasinense, Waray-waray, Kapampangan, at iba pa. Ang mga wikang ito ay tinawag na **wikang komon**.



Ang mga pangunahing wika ay may mahalagang papel na ginampanan sa pagkakaisa, pagtutulungan, at pag-oorganisa ng mga samahang lumaban sa mga Espanyol.

Mga Wikang Komon at Espanyol sa Rebolusyon

Maliban sa iba't ibang wikang komon, naging mahalaga rin ang papel ng wikang Espanyol sa himagsikan. Ang wikang ito ang naging wika ng mga Pilipinong ilustrado, na unang nagpahayag ng kagustuhang magkaroon ng pantay na karapatan ang mga Pilipino at mga Espanyol sa Pilipinas. Naging tulay ang mga ilustrado para maiparating sa iba pang Pilipino ang kaisipang liberal at maipaalam sa Espanya ang totoong kalagayan ng mga Pilipino sa Pilipinas. Nagsulat sila ng mga akda at diyaryong **pumukaw** sa damdaming makabayan ng mga Pilipino, lalo na ng mga Pilipinong namuno sa himagsikan. Nasusulat ang mga ito sa wikang Espanyol at sa mga wikang komon. Ilan dito ang sumusunod:

- *Noli Me Tangere* (nobelang isinulat ni Rizal)
- *La Solidaridad* (pahayagang inilunsad ni Jaena)
- Ang Kalayaan (pahayagan ng Katipunan, nasusulat sa Tagalog)
- *La Republica Filipina, La Independencia, at Diario de Manila* (mga pahayagang nasusulat sa Espanyol)



Ilan sa mga akda noong Panahon ng Kolonyalismong Espanyol

Sa panahon ng rebolusyon ay nagkaisa ang mga Pilipinong mag-alsa laban sa mga mapang-abusong Espanyol. Gayunpaman, ang wika ang naging tulay para magkaunawaan ang mga Pilipino na magkaroon ng iisang layunin at magkaisa sa paghihimagsik.
Sa pagkakataong iyon ay litaw na litaw ang kahalagahan at kapangyarihan ng wika para magbunsod ng mga pagbabago sa lipunan.



Aralin 3

Wika sa Pilipinas noong Panahon ng mga Amerikano

Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang nailalarawan ang sitwasyong pangwika sa Pilipinas noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

Kasalukuyang nagaganap ang Rebolusyong Pilipino nang dumating ang mga Amerikano sa Piipinas. Bilang umuusbong na kapangyarihan sa mundo, malaki ang interes ng Estados Unidos sa Pilipinas dahil na rin sa estratehikong lokasyon nito sa Timog-Silangang Asya.
Sa pamamagitan ng Kasunduan sa Paris noong 1898 ay ipinagbili ng Espanya sa Estados Unidos ang karapatan nito sa pamamahala ng Pilipinas sa halagang 20 milyong dolyar. Ito ang nagtakda sa ganap na pagsakop ng mga Amerikano sa bansa, na nagdulot din ng mga pagbabago sa wikang umiiral sa Pilipinas. Nagwakas ang pamamahala ng Estados Unidos sa Pilipinas noong Hulyo 4, 1946 kasabay ng pagpapahayag ng kalayaan ng Pilipinas ayon sa itinadhana ng batas.



Seremonya ng Araw ng Kalayaan ng Pilipinas

Pag-aralan Natin

May walong pangunahing wikang katutubo na namayani sa bansa bago dumating ang mga Amerikano—**Tagalog**, **Cebuano**, **Ilocano**, **Hiligaynon**, **Bikol**, **Waray-waray**, **Kapampangan**, at **Pangasinense**. Ginagamit pa rin noon ang wikang Espanyol ng ilang sektor ng lipunan, partikular sa relihiyon.

Sa pagdating ng mga Amerikano, patuloy na namayani ang iba't ibang wikang katutubo matapos ang himagsikan. Kakaunti naman ang Pilipinong nakauunawa ng wikang Ingles.

Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- paghulma – paghubog; pagbuo
- bentahe – kalamangan
- tinangkilik – binili, ginamit
- estruktura – pagkakabuo ng isang bagay
- luminang – paunlarin
- estratehiya – paraan


Malaki ang papel na ginampanan ng mga Amerikano sa **paghulma** ng kasaysayan at kultura ng Pilipinas. Nagdulot ito ng mga pagbabago sa wikang umiral sa bansa sa panahon ng kanilang pananakop. Nagkaroon din ito ng impluwensiya sa mga katutubong wika sa bansa.



Ang Naganap na Paglagda ng Kasunduan sa Paris

Programa sa Edukasyon

Isa sa mga pangunahing programa ng mga Amerikano sa Pilipinas ang pagpapakilala sa pampublikong sistema ng edukasyon. Dinala nila sa bansa ang ***Thomasites***, mga gurong Amerikano upang magturo sa mga Pilipino. Dahil dito, nagkaroon ng suliranin sa wikang gagamitin sa pagtuturo sa mga Pilipino. Pinili nilang gamitin ang wikang Ingles dahil sa sumusunod na dahilan:



Ang mga Thomasite kasama ang mga Pilipinong mag-aaral.

- Mas praktikal gamitin ang wikang Ingles.
- Hindi na kailangang pag-aralan ng mga Amerikanong guro ang wika ng mga Pilipino.
- Nasa wikang Ingles ang mga batayang aklat at iba pang kagamitanl sa pagtuturo.

Pulitikal na Kalamangan ng Ingles

May **bentahe** ang paggamit ng wikang Ingles sa tuluyang pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas. Dahil dayuhang wika, inisip ng mga Pilipino na ang wikang Ingles ay mas mataas na wika. Kung gayon, naniwala ang mga Pilipino na mas mataas na lahi ang Amerikano kaysa sa kanila. Marami ding produkto mula sa Amerika ang **tinangkilik** ng mga Pilipino dahil bago ang mga ito sa kanila at hindi mabibili sa bansa. Ilang halimbawa nito ang *tomato catsup* at *spam*. Marami ding aspekto ng kulturang Amerikano ang itinuro ng bagong mga mananakop sa mga Pilipino. Taliwas ito sa **estratehiya** ng mga Espanyol at tiningnan ito



Naging status symbol sa lipunan ang mga produkto mula sa Amerika.

ng mga Pilipino bilang magandang “gawi” at pagpapakita na “mabuti” silang mananakop. Dahil dito, mas madaling naimpluwensiyahan ng mga Amerikano ang kulturang Pilipino.

Pag-Usbong ng Wikang Pambansa

Taong 1935 nang itatag ang **Pamahalaang *Commonwealth*** bilang paghahanda sa kalayaan ng Pilipinas mula sa pananakop ng mga Amerikano. Ika-13 ng Nobyembre, 1936 sa bisa ng ***Commonwealth Act 184*** ay nilikha ang **Surian ng Wikang Pambansa (SWP)** para pag-aralan ang mga katutubong wika sa Pilipinas at pumili ng itatakdang batayan ng wikang pambansa. Taong 1937 naman nang idineklara ni Pangulong Manuel Quezon ang wikang **Tagalog** bilang batayan ng pauunlaring wikang pambansa. Ito ang unang hakbang sa pagpapaunlad ng wikang pambansa.

logo ng Surian ng Wikang Pambansa

Pagpili sa Wikang Tagalog

Ang wikang Tagalog ang piniling batayan ng wikang pambansa dahil mas marami ang Pilipinong gumagamit at nakauunawa ng wikang ito, lalo na sa Luzon. Ang pagiging maunlad ng **estruktura** at mekanismo ng wikang Tagalog ay isa rin sa mga naging dahilan. Sa lahat ng wikang umiiral sa Pilipinas, ang Tagalog ang pinakaginagamit sa panitikan. Maraming aklat ang nakasulat sa wikang Tagalog at patuloy itong ginagamit sa pagsulat ng iba't ibang anyo ng panitikan.

Mga Isyu sa Pagpili sa Wikang Tagalog

Hindi naging madali ang pagtukoy sa katutubong wika na gagawing batayan para sa itatalagang wikang pambansa ng Pilipinas. Nang iminungkahi ng Surian ng Wikang Pambansa ang wikang Tagalog, marami ang tumutol dito, partikular na ang mga Bisaya. Ayon sa kanila, minadali ang pagdedesisyon upang makatugon sa isa sa mga hinihingi ng mga Amerikano bago nila ideklara ang kalayaan ng Pilipinas. Tagalog ang wika ni Manuel L. Quezon, ang pangulo ng bansa, na siya ring kinilala bilang "Ama ng Wikang Pambansa."



Manuel L. Quezon

Sa kabila ng impluwensiya ng mga Amerikano sa maraming aspekto ng lipunang Pilipino, nagbigay naman ito ng pagkakataon na **luminang** ng isang wikang pambansa. Ang pagkakatatag ng Surian ng Wikang Pambansa ay isang malaking hakbang tungo sa

pagpapaunlad ng mga wika sa bansa.

Aralin 4


Wika sa Pilipinas noong Panahon ng mga Hapones

Layunin Natin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang natatalakay ang implikasyon ng mga pangyayari sa wika noong panahon ng pananakop ng mga Hapones.

Sa pagpasok ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagpatuloy ang pambansang pamamahala sa kamay ng mga Pilipino sa paggabay at pangangasiwa ng mga sundalong Hapones. Naging maluwag ang paggamit ng wikang pambansa bilang matibay na sangkap o kasangkapan sa rekonstruksiyon ng programang Hapon na “Ang Asya ay para sa mga Asyano.”

- Ano ang pangunahing layunin ng mga Hapones sa pagbabawal sa mga Pilipino na gamitin ng wikang Ingles?
- Ano ang mahahalagang pangyayari sa wika sa Pilipinas bunsod ng pananakop ng mga Hapones, partikular sa pamamahala, edukasyon, at panitikan?



Pag-aralan Natin

Taong 1942 nang sakupin ng mga Hapones ang Pilipinas. Tumakas ang mga Amerikano pabalik sa Estados Unidos, kasama sina Pangulong Manuel Quezon at Pangalawang Pangulong Sergio Osmeña at kani-kanilang pamilya. Bago umalis ng bansa, **itinalaga** ni Quezon si Jose P. Laurel bilang pansamantalang tagapangalaga ng bansa. Mahigpit ang bilin sa kaniya na gawin ang kaniyang makakaya para mapangalagaan ang kapakapan ng mga Pilipino. Dahil sa edukasyong natamo ni Laurel sa bansang Hapon at pagkatuto ng wikang Nihongo, agad na nakuha ni Laurel ang loob ng mga Hapones. Hindi nagtagal ay itinalaga siya bilang pangulo ng Ikalawang Republika ng Pilipinas.

Alamin Natin

Tandaan at gawing gabay ang kahulugan ng sumusunod na salita:

- itinalaga – pinili para sa isang posisyon
- bunsod – dulot; dahil sa
- restorasyon – panunumbalik; pagsasaayos
- tahasan – direkta; walang pasubali



Jose P. Laurel

Ayon sa mga Hapones, ang kanilang "pagdating" sa bansa ay bahagi ng pagbubuo ng Sama-samang Kasaganaan sa Lalong Malawak na Silangang Asya o *Greater East Asian Co-Prosperity Sphere*. Naniniwala sila sa konseptong "Ang Asya ay para sa mga Asyano," at walang puwang sa rehiyon ang mga mananakop na Kanluranin.

Layunin ng mga Hapones na burahin ang anumang impluwensiyang Kanluranin kaya ipinagbawal nila ang paggamit ng mga Kanluraning wika, partikular na ang Ingles. Ipinasunog din nila ang mga lathalain at panitikang nakasulat sa Kanluraning wika. Sa bisa ng *Military Ordinance No. 13* ay itinakda ang mga wikang Tagalog at Nihongo bilang mga opisyal na wika ng Pilipinas. Kasabay nito

ay ipinag-utos ang pagtuturo ng wikang Nihongo sa mga paaralan.

May iba't ibang pangyayari sa wika **bunsod** ng pananakop ng mga Hapones, partikular sa pamamahala, edukasyon, at panitikan.

Wika ng Pamamahala

- Noong 1942, inihayag ng Komisyong Tagapagpaganap ng Pilipinas (*Philippine Executive Commission)* ang *Military Order No.13* na nagtatakda na **"ang mga wikang Nihongo at Tagalog ang magiging opisyal na wika sa buong bansa."**
- Oktubre, 1942 nang muling binuhay ang Surian ng Wikang Pambansa. Tungkulin nitong gumawa ng mga hakbang upang palaganapin ang mga wikang Nihongo at Tagalog sa buong bansa.

Wika ng Edukasyon

- Itinalaga bilang mga wikang panturo ang Tagalog at Nihongo.
- Tinuruan ng Nihongo ang mga guro ng mga pampublikong paaralan.
- Ipinatupad ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 10 na nag-utos ng pagtuturo ng Tagalog sa elementarya, pribado man o pampublikong paaralan. Nagsagawa ng malawakang pagsasanay ang mga gurong magtuturo ng Tagalog.
- Ipinag-utos din ang pagtuturo ng Tagalog bilang asignatura sa elementarya at sekondarya.
- Ipinatupad ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 44 na nagbigay daan sa **restorasyon** ng Unibersidad ng Pilipinas at pagtatalaga rito upang pag-aralan at payabungin ang wikang pambansa habang isinusulong ang diwang makabayan. Kaugnay ng probisyong ito, isinama rin ang Tagalog bilang isa sa mga asignaturang kailangang kunin sa kolehiyo.
- Noong 1944, binuksan ang ***Tagalog Institute*** para sa mga gurong hindi Tagalog ang unang wika.



Mga Pilipinong Mag-aaral sa Ilalim ng Edukasyong Kolonyal

Wika ng Panitikan

- Tahasang ipinagbawal ang paggamit ng anumang wikang Kanluranin sa pagsulat ng anumang malikhaing akda, bagkus ay hinikayat ang mga manunulat na maglimbag ng mga akda gamit ang kanilang katutubong wika. Dahil dito, naging aktibo ang mga Pilipinong manunulat sa pagsulat ng mga akda sa mga katutubo at rehiyonal na wika.
- Tinagurian ang panahong ito na "**gintong panahon ng panitikan"** dahil sa dami ng akdang pampanitikang nailathala sa katutubong wika.



Ang akdang "Sa Pula, sa Puti" ay sumikat noong panahong kolonyal.

Mga Usapin Tungkol sa Wika

- Sa kabila ng mga tila pagpapayaman sa mga katutubong wika sa panahon ng mga Hapones, may ilang isyu o usaping lumaganap sa panahong ito. Kabilang dito ang sumusunod:
  - ✓ Hayagan ang naging pagkiling sa Tagalog kumpara sa iba pang pangunahing wika ng bansa. Makikita ito sa paggamit ng Tagalog bilang opisyal na wika at bilang wikang panturo.
  - ✓ Sapilitan ding ipinagbawal ang paggamit ng wikang naging bahagi na ng kamalayan ng ilang sektor at mamamayan.

Mahalagang matandaan na may mga pangyayari sa kasaysayan ng wikang pambansa na nagtampok sa pag-unlad ng mga katutubong wika sa Pilipinas. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng mga isyu sa wika ay manipestasyon lamang na kailangan pang pagbutihin ang proseso ng pagpili ng wikang pambansa, hanggang matukoy at malinang ang isang wikang pambansa na kakatawan sa kaluluwa ng bansa at magbubuklod sa mga mamamayan nito.